Republic of the Philippines
Department of Education
NATIONAL CAPITAL REGION
Misamis Street, Bago-Bantay, Quezon City

# UNIFIED SUPPLEMENTARY LEARNING MATERIALS
(USLeM)

# FILIPINO GRADE 7

## MANAGEMENT AND DEVELOPMENT TEAM

| | |
|---|---|
| **Pangkat sa Pagbuo ng Modyul:** | |
| Manunulat | : Carol C. Jalbuena, T 1 |
| Tagapaglapat | : Alma N. Dimapilis, MT 1 |
| Patnugot sa Nilalaman | : Museta DR Dantes, PSDS |
| | Liezl M. Evangelista, HT VI |
| **Pangkat Tagapamahala:** | |
| Panrehiyong Direktor | : Malcolm S. Garma, Director IV |
| Tagapamahalang ng mga Paaralang Sagay | : Maria Magdalena M. Lim, CESO V |
| Tagapamuno ng CLMD | : Genia V. Santos |
| Tagapamuno ng CID | : Aida H. Rondilla |
| Panrehiyong Suprebisor (EPS- Learning Area) | : Gloria Tamayo, EPS |
| Panrehiyong Superbisor sa EPS-LR | : Dennis M. Mendoza |
| Pandibisyong Superbisor (EPS- Learning Area) | : Edwin Remo Mabilin |
| Pandibisyong Superbisor sa EPS-LR | : Lucky S. Carpio |
| Panrehiyong Biblyotekaryo | : Nancy M. Mabunga |
| PDO II | : Albert James P. Macaraeg |
| Pandibisyong Bibliyotekaryo II | : Lady Hannah C. Gillo |


Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi ipinagbibili.

# Aralin 1

# Mito, Alamat at Kuwentong-bayan

## Inaasahan

- Nasusuri ang mga katangian at elemento ng mito, alamat, kuwentong-bayan, mula sa Mindanao, Kabisayaan, Luzon batay sa paksa, mga tauhan, kaisipan at mga aspektong pangkultura
- Nagagamit nang wasto ang angkop na mga pahayag panimula, gitna at wakas sa isang akda

## Unang Pagsubok

**Panuto:** Basahin at unawain ang bawat tanong. Piliin ang titik ng tamang sagot at isulat ito sa kwaderno.

1. Ang _______ ay isang piksyon na bunga ng imahinasyon kaya hindi kapani-paniwala at karaniwang kaugnay sa isang tiyak na lugar sa bayan, rehiyon, o bansa.

A. mito B. alamat
C. maikling-kuwento D. kuwentong-bayan

2. Ang mga salita sa ibaba ay kabilang sa mga elemento ng mito, alamat, at kuwentong-bayan, maliban sa ____.

A. grapiko B.banghay
C. tagpuan D.tauhan

3. Ang ___________ay isang uri ng prosang pasalaysay na naglalahad ng mga pangyayaring naganap noong unang panahon tungkol sa isang bayan karaniwang gumaganap dito ay ang mga diyos at diyosa.

A. mito B. alamat
C. maikling-kuwento D. kuwentong-bayan

4.Sa simula pa lamang ay binibigyan na tayo ng pagkakataon upang ilabas ang ating iba't ibang talento sa tulong ng mga gawaing ibinibigay ng ating mga guro. Ang salitang nakasalungguhit ay pahayag na naghuhudyat ng ____________.

A. kakalasan B. simula
C. tauhan D. tagpuan



Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi ipinagbibili.

5. Sa pagsisimula ng klase, maraming mag-aaral ang nahirapan dahil sa makabagong paraan ng pagtuturo ngunit sa huli, tuluyan na nilang nayakap ang pagbabago sa edukasyon sa tulong na rin ng mga masisipag na guro na handang umalalay. Ang salitang nakasalugguhit ay hudyat ng __________?

A. tagpuan  B. simula
C. gitna  D. wakas

## Balik-tanaw

Ang ating bansa ay nagtataglay ng iba't ibang yaman, isa na rito ay ang yaman sa panitikan, patunay na rito ang mga akdang pampanitikan na nananatiling buhay sapagkat patuloy na tinatangkilik ng kasalukuyang heneresyon.

Balikan mo ang iyong mga nalalaman tungkol sa ilang anyo ng panitikan. Sundin ang modelo sa ibaba at itala ang iyong sagot sa kuwaderno.




https://www.google.com.ph/search?q=treassure+box&tbm=isch

| MITO | ALAMAT | KUWENTONG-BAYAN | MAIKLING KUWENTO |
|---|---|---|---|
| *Kahulugan:* | *Kahulugan:* | *Kahulugan:* | *Kahulugan:* |
| ___________ | ___________ | ___________ | ___________ |
| ___________ | ___________ | ___________ | ___________ |
| ___________ | ___________ | ___________ | ___________ |
| ___________ | ___________ | ___________ | ___________ |
| ___________ | ___________ | ___________ | ___________ |
| ___________ | ___________ | ___________ | ___________ |

## Maikling Pagpapakilala ng Aralin

**Bakit Tumitilaok ang Manok sa Madaling Araw?**
( Alamat mula sa Luzon )

Noong unang panahon, ang digmaan ay hindi maiwasan ng mga lipi, lahi, at mga bansa. Ang diyos ng digmaan na si Sidapa ay tooong naging abala dahil sa abot-abot na suliraning idinudulog sa kaniya ng mga sugo ng maraming lahi na nagkakaroon ng mga sigalutan at labanan na pinamumuhunanan ng dugo at buhay.

Isang gabi, napakaraming sugo ang nagsadya sa kaniya. Isa-isa niyang kinausap ang mga sugong yaon, at sapagkat mabibigat din naman ang mga usaping dala, kinakailangan niya ang matamang paglilimi.



Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi ipinagbibili.

Si Sidapa ay may isang mahalagang bagay na lalakarin sa madaling-araw. Natitiyak niyang siyaý hahatinggabihin sa pakikitungo sa maraming sugo, kaya minarapat niyang atasan ang isa niyang kawal na matulog nang maaga upang magising bago magbukang-liwayway at ipagunita sa kanya ang lakad. Ang kawal na inutusan niya ay umalis na at nagtungo sa kaniyang silid ngunit nasalubong siya ng mga sugong naghihintay sa pintuan at siyaý nakipag-usap sapagkat ibig naman niyang makatalos ng mga suliranin ng iba't ibang lipi. Sa gayon, nawili siya at pati na ang mga nalalaman niyang lihim sa kaharian ay isiniwalat pa. Napuyat ang kawal at nakatulog nang mahimbing. Nalimutan na rin nito ang kaniyang tungkuling gumising bago magmadaling-araw upang ipagunita ang mahalagang lakad ng diyos ng Digmaan.

"Tamad na kawal! Ang malakas na tinig ni Sidapa. "Diyata't hanggang ngayon ay natutulog ka pa !"

"Dakilang Sidapa, Bathala ng Digma! Ang samo ng kawal. "Patawarin mo po ako sa aking malaking pagkukulang!"

"Suwail, suwail ang bulyaw ni Sidapa. "Hindi ka karapat-dapat na maging kawal ng malaking palasyong ito!"

"Ako po ay nagkasala. Mahal kong Panginoon!" ang paninikluhod ng kawal." Napuyat po ako dahil sa mga sugong kumausap sa akin kagabi sa labas ng pinto."

"Sinuway mo ang aking utos!" ang wariý kulog na sigaw ni Sidapa. "Nalagay ako ngayon sa isang malaking kompormiso, at ikaw, tamad at walang kabuluhang kawal, ang siyang naging dahilan!"

"Patawarin po ninyo ako!"ang ulit ng kawal na nangangatog ang ma tuhod. sa taglay kong kapangyarihan ng pagkadiyos ng Digma, hindi ka
na makapangungusap, liliit ang iyong katawan, tutubuan ka ng pakpak at mga balahibo, at bago magbukang-liwayway , gigising at titilaok ka na katulad ng isang hayop na wala pang pangalan."

Pagkasabi ni Sidapa ng kanyang mga pangungusap na yaon, ang kaawa-aang kawal ay hindi na nga nakapagsalita. Lumiit nang lumiit ang kaniyang katawan, tinubuan siya ng mga balahibo, at ang kaniyang dalawang kamay ay naging dalawang pakpak. Ang kaniyang bibig ay naging maliit na tuka na lamang at sa malaking takot o hiya kay Sidapa ay lumipad na lamang at umalis sa palasyo.

https://www.google.com.p



Magbuhat noon, ang kawal na naging hayop ay tinawag na tandang at sa tuwing magmamadaling-araw ay gumigising at tumitilaok upang ipagunita sa mga natutulog na siya ang kauna-unahang nagigising sa lahat ng hayop. Iyan ang alamat kung bakit ang manok ay tumitilaok sa madaling araw.

Sangunian: Kalinangan
nina Guimarie, Aida at Tulalay, Mercedes
Rex Book Store, Inc.

## Mga Gawain

**Gawain 1: Pagsusuri sa Akda**

**PANUTO:** Suriin ang mahahalagang impormasyon sa akdang binasa. Isulat ang sagot sa iyong kwaderno.

1. Ano ang mga katangian ni Sidapa ang ipinakikita sa alamat na ito?
 ______________________________________________________________
2. Bakit hindi nagawa ng kawal ang inuutos ni Sidapa? May epekto ba ito sa pang-araw-araw na gawain ni Sidapa?
 ______________________________________________________________
3. Sa iyong palagay, naging makatwiran ba ang naging parusa ni Sipada sa kanyang kawal? Ipaliwanag ang iyong sagot.

**Gawain 2: Pagsusuri sa elemento ng akda**

**PANUTO:** Isa-isahin ang mga elemento ng akdang binasa sa pamamagitan ng grapikong pantulong. Isulat ang sagot sa inyong kwaderno.

PAMAGAT: Bakit Tumitilaok ang Manok sa Madaling-Araw
PAKSA : ________________________________________

| PANGUNAHING TAUHAN | TAGPUAN | SULIRANIN | KINALABASAN |
|---|---|---|---|
| | | | |

**Gawain 3: Mahahalagang Tagpo**

**PANUTO:** Balikan ang mahahalagang tagpo sa akdang binasa sa tulong ng *story caravan*. Isulat ang iyong sagot sa kwaderno.

*Bakit Tumitilaok ang manok sa Madaling-Araw*

SIMULA | GITNA | WAKAS



https://www.google.com/search?q=cute+caravan+clipart&tbm=isch&ved=2ahUKEwjoscHo_5rrAhUGgpQKHUvPDEgQ2-cCegQIABAA&oq=cute+caravan+clip&gs_lcp=CgNpbWcQARgAMgIIADoHCCMQ6gIQJzoECCMQJzoECAAQQzoHCAAQsQMQQzoFCAAQsQM6BAgAEBhQtilYqr4BYPHJAWgBcAB4AIABggSIAY8mkgELMC40Ljcu



Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi ipinagbibili.

## Tandaan

1. Ang **mito** ay kuwento tungkol sa mga diyos at diyosa, samantalang ang kuwentong-bayan ay pasalin-dila na tungkol sa kultura, pamumuhay, at karanasan ng isang lugar, at ang alamat ay kuwento tungkol sa pinagmulan ng mga bagay-bagay.
2. Ang mga ito ay nagtataglay ng mga elemento tulad ng tauhan, tagpuan, maayos na banghay at wakas.

MGA SALITANG HUDYAT NG PANIMULA, GITNA AT WAKAS

a) Panimula

Simula ng akda na pumupukaw sa interes ng mg mambabasa kaya't kinakailangang epektibo ito. Maaaring simulan ito sa noon, una, sa simula pa lamang, at iba pa.

b) Gitna

Dito Kinakailangang mapanatili ang interes ng mambabasa sa kawing-kawing na mga ideya. Maaaring gamitin ang samantala, saka, mayamaya, hanggang kasunod, walang ano-ano, at iba pa.

c) Wakas

Napakahalaga ng huling bahagi ng akda dahil dito naiiwan sa mambabasa ang mahahalgang kaisipan. Dito nakapaloob ang isahan at panlahat na memsahe. Maaaring gumamit ng: pagkatapos, sa huli, sa wakas, o sa iba pang panandang maghuhudyat ng makahulugang pagtatapos.

Sangunian: Kalinangan
nina Guimarie, Aida at Tulalay, Mercedes
Rex Book Store, Inc.

## Pag-alam sa mga Natutuhan

**Ang Munting Ibon**
( Kuwentong-bayan mula sa Mindanao )

Sa isang malayong lugar may mag-asawa na nakatira sa Agamaniyog. Ang mag-asawang ito ay sina Lokes a Babay at Lokes a Mama.

Dahil sa pangangaso ang kanilang ikinabubuhay sinisiguro nila na mayroon silang pain sa madaling araw upang sa kinabukasan ay mayroon silang makakain. Isang araw tiningnan ni Lokes a Mama ang huli sa kanilang bitag, ang nahuli sa kanya ay isang munting ibon ngunit sa asawa niya ay isang matabang usa. Ipinagpalit niya ang huli ng kanilang bitag. Nagulat ang asawa na si Lokes a Babay na ang huli niya ay isang






Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi ipinagbibili.

maliit na ibon at kay Loke a Mama ay matabang usa. Hindi na siya nagtaka sa nangyari. Napakaramot at walang pagpapahalaga si Lokes a Mama dahil hindi niya man lang binigyan ng pagkaing usa ang asawa.

Nang maubos ang pagkain ay muling inakit ng asawang babae, si Loke a Babay upang maglagay uli ng patibong upang makatikim ulit ng kanilang huling hayop. Nalaman ni Loke a Babay ang ginagawa ng asawa ng magising siya ng hating gabi ngunit hindi na lang pinansin ang natuklasan sa asawa.

Isang gabi nanaginip siya na ang nahuli niyang ibon ay inalagaan niya at nagbigay ito ng mga isang montias o isang mamahaling hiyas. Ganoon nga ang nangyari ginawa niya ang kaniyang napanaginipan. Inalagaan niya ang ibon at nangitlog nga ito ng diyamante.

Dahil sa nangyari nagpasiya si Loke a Babay na hiwalayan na ang kanyang asawa dahil sa hindi na niya matiis ang masamang ugali nito sa kanya ngunit, hindi ito pumayag. Kaya nagpasyang umalis si Loke a Babay na dala ang kanyang ibon. Nabalitaan ni Lokes a Mama ang nangyari sa magandang buhay ng asawa.

Nagplano ang lalaki na makikipagbalikan sa asawa para maranasan din niya ang kanyang marangyang buhay. Subalit napaghandaan na ni Lokes a Babay ang mangyayari at hindi na siya makakapayag sa gustong mangyari ng asawa. Pinagbilinan niya ang mga guwardiya para hindi na makalapit si Lokes a Mama.

Simula noon namuhay na ng maligaya si Lokes a Babay sa kanyang masaganang buhay.

**PANUTO:** Suriin ang mga katangian ng akdang binasa sa tulong ng *Busdiagram.* Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.

| AKDA | PAKSA | TAUHAN | KAISIPAN | ASPETONG KULTURAL |
|---|---|---|---|---|
| Bakit Tumitilaok ang Manok sa Madaling Araw?<br>(Alamat mula sa Luzon) | | | | |
| Ang Munting Ibon<br>(Kuwentong-bayan mula sa Mindanao) | | | | |
| Iba pang akdang nabasa | | | | |



Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi ipinagbibili.

## Pangwakas na Pagsusulit

Panuto: Basahin at unawain ang bawat tanong. Piliin ang titik ng tamang sagot at isulat ito sa kwaderno.

1. Ang kaisipang nangibabaw sa kuwentong, "Ang munting ibon ay ________

   A. Ang relasyon sa kapwa ay magiging mas matibay kung pareho kayong magiging magalang, matapat at mabuti.
   B. Ang resposibilidad ay laging pakatandaan
   C. Kinakailangang maging mahinahon sa lahat ng oras, upang maging maayos ang pakikipag-uganayan sa kapwa
   D. Lahat tayo ay may taglay na kabutihan sa ating puso.

2.Noong unang panahon, ang digmaan ay hindi naiiwasan ng mga lipi, lahi at mga bansa. Ang salitang nakasalungguhit ay hudyat ng __________.

   A. gitna
   B. simula
   C. wakas
   D. tunggalian

3. Ang pandemyang dumating ay nagdulot ng pagbagsak ng ekonomiya sa bansa ngunit, sa huli nananatiling buo pa rin ang ating pananampalataya. Ang salitang nakasalugguhit ay hudyat ng _________?

   A. wakas
   B. simula
   C. kakalasan
   D.gitna

4.Alin sa mga sumusunod na salita ang angkop na hudyat para sa simula?

   A. pagkatapos
   B. walang ano-ano
   C. hanggang kasunod
   D. noon

5. Sa bahaging ito kinakailangang mapanatili ang interes ng mga mambabasa sa pamamagitan ng maayos na sunod-sunod.

   A. wakas
   B. simula
   C. kakalasan
   D. gitna



Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi ipinagbibili.

## Papel sa Replektibong Pagkatuto

Ang mga akdang iyong nabasa ay talaga namang nag-iwan ng ginintuang-aral na maaari mong magamit sa pang-araw-araw.

**Panuto:** Sa tulong ng pagkilala sa sarili, ano-ano ang nabago sa iyong pananaw o paniniwala matapos mong mabasa ang mga akda?

_________________________
*Pamagat*

***Noon,*** ____________
______________________________
______________________________
______________________________



***Ngayon,*** ____________
______________________________
______________________________
______________________________

## Sanggunian

Guimarie, Aida et al. Kalinangan, Manila: Rex Bookstore
Baisa-Julian, Ailene et al. Pinagyamang Pluma 7, Quezon City: Phoenix Publishing House
http://filipinoforfilipinos.blogspot.com/2017/01/ang-munting-ibon-maikling-kwento-ng.html
https://www.google.com.ph/search?q=roosterclipart&tbm=isch&ved=2ahUKEwiI2bH9sLbsAhVIbJQKHemLC8EQ2-cCegQIABAA&oq=roosterclipart&gs_lcp=CgNpbWcQAzICCAAyAggAMgYIABAHEB4yBggAEAcQHjIGCAAQBxAeMgYIABAHEB4yBggAEAcQHjIGCAAQBxAeMgYIABAHEB4yBggAEAcQHjoHCAAQsQMQQzoECAAQQ1D7NFjtRmCzTWgAcAB4AIABdIgBngaSAQMzLjWYAQCgAQGqAQtnd3Mtd2l6LWltZ8ABAQ&sclient=img&ei=fyOIX8idL8jY0QTpl66IDA&bih=561&biw=1263&hl=en-GB#imgrc=Ug62tCN0eUS_iM
https://www.google.com/search?q=bird+clipart&tbm=isch&ved=2ahUKEwjbxub7_7_sAhVxNaYKHZsgB1cQ2-cCegQIABAA&oq=bird+&gs_lcp=CgNpbWcQARgAMgcIABCxAxBDMgcIABCxAxBDMgcIABCxAxBDMgUIABCxAzIFCAAQsQMyBQgAELEDMgUIABCxAzICCAAyBQgAELEDMgUIABCxAzoHCCMQ6gIQJzoECAAQQ1D5P1i2cGDngwFoBXAAeACAAYQBiAGvBpIBAzEuNpgBAKABAaoBC2d3cy13aXotaW1nsAEKwAEB&sclient=img&ei=SC6NX9uCHvHqmAWbwZy4BQ&bih=610&biw=1280#imgrc=fAfUDVU_J8Lb9M



Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi ipinagbibili.

## Susi sa Pagwawasto

**Unang Pagsubok:**
1. D
2.A
3.A
4.B
5.D

**GAWAIN 1:**

1. Si Sipada ay Diyos ng Digma na matalinong nag-aayos ng mga sigalot.
2. Hindi nagawa ng kawal ang inuutos ni Sidapa, sapagkat siya ay napuyat ng gabing yaon dahil sa pakikipag-usap sa mga sugo mula sa ibang lipi.
3. Malayang sagot. ( Diskresyon ng guro )

**GAWAIN 2:**

| Pangunahing Tauhan | Tagpuan | Suliranin | Kinalabasan |
|---|---|---|---|
| Sidapa | palasyo | Ang hindi pagsunod ng kawal sa kaniyang utos na gisingin siya bago magbukang-liwayway upang ipagunita sa kanya ang kanyang lakad. | Nalagay si Sidapa sa isang malaking kompormiso. kaya naman, pinarusahan niya ang kanyang kawal na maging isang hayop na wala pang ngalan. Magigising ito bago magbukang-liwayway upang ipagunita sa mga natutulog ang kanilang mga gawain. |

**GAWAIN 3:**

SIMULA- Noong unang panahon, ang diyos ng digmaan na si Sidapa ay totoong naging abala sa pagtulas ng mga suliraning idinudulog sa kanya ng mga sugo mula sa iba't ibang lahi.

GITNA – samantala, dahil maymahalagang lalakarin si Sidapa kinabukasan minarapat niyang atasan ang kanyang kawal na matulog nang maaga upang magising bago magbukang-liwayway. Ngunit dahil napagod at napuyat ay nakatulog nang mahimbing ang kawal at nalimutan na rin niya ang kanyang tungkulin kaya naman, labis itong ikinagalit ni Sidapa.



Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi ipinagbibili.